# Pagbuo ng mga inklusibong komunidad at pakikipaglaban sa rasismo

Marso 17, 2023

## Ang gobyerno ng Alberta ay namumuhunan ng $9.5 milyon sa mga programang gawad upang makatulong na labanan ang rasismo at isulong ang multikulturalismo.

Ang gobyerno ay nakatuon sa paglaban sa rasismo at pagbuo ng mga komunidad na inklusibo. Para magawa ito, ang Ministry of Trade, Immigration at Multiculturalism ay nakikipagtulungan sa mga kasosyo sa sambayanan ng probinsya na may mahalagang papel sa pagsuporta at pag-angat sa mga multicultural na komunidad ng Alberta.

Magbibigay ang Budget 2023 ng $8 milyon sa loob ng tatlong taon para sa programang gawad ng etnokultural na magsusulong ng paguunawa sa ibat-ibang kultura at multikulturalismo. Bilang karagdagan, ang gobyerno ng Alberta ay magbibigay ng $1.5 milyon sa loob ng tatlong taon upang suportahan ang Multiculturalism at Anti-Racism Grant Program (MARG).

“Napakahalaga na patuloy nating suportahan ang mga pagsisikap na tumutugon sa rasismo at tumulong sa pag-unawa sa ibat-ibang kultura. Ang Badyet 2023 ay magbibigay ng pagpopondo upang suportahan ang mga inisyatibang multikultural at anti-rasismo. Ang gobyerno ng Alberta ay patuloy na maghahanap ng mga bagong paraan upang gawing mas ligtas ang mga komunidad para sa lahat.”

*Rajan Sawhney, Ministro ng Kalakalan, Imigrasyon at Multikulturalismo*

Ang Multiculturalism at Anti-Racism Grants ay iginagawad sa mga samahang hindi pangkalakalan sa Alberta para sa mga anti-racism na inisyatiba at mga proyekto na nagsusulong ng pagsasama at paggalang. Ang mga gawad ay maaaring mapunta sa pagsuporta sa mga kultural na kaganapan, pagdiriwang, workshop at pagsasanay. Ang

Classification: Public

sinumang non-profit na naghahanap upang magturo ng higit pa tungkol sa kanilang kultura ay hinihikayat na mag-apply. Ang mga Indigenous, Inuit at Métis, multicultural at batay sa pananampalataya na mga grupo ay karapat-dapat na makatanggap ng hanggang $30,000.

Ang mga bagong etnocultural na gawad ay magbibigay ng pondo sa iba't ibang grupong multikultural. Ang mga gawad na ito ay susuportahan ang mga intercultural at interfaith na koneksyon, na tumutulong sa mga grupong etnokultural na wakasan ang rasismo at pagbibigay sa mga Albertan ng mga pagkakataon na lumahok at ipagdiwang ang katutubong kultura.

Ang MARG at ang bagong programa ng ethnocultural grant ay umaakma sa mga kasalukuyang inisyatiba ng gobyerno, kabilang ang Anti-Racism Action Plan ng Alberta.

Tinitiyak ng Budget 2023 ang kinabukasan ng Alberta sa pamamagitan ng pagbabago sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao, pagsuporta sa mga Albertan sa mataas na halaga ng pamumuhay, pagpapanatiling ligtas sa ating mga komunidad at pagmamaneho ng ekonomiya na may mas maraming trabaho, kalidad ng edukasyon at patuloy na pagkakaiba-iba.

## Kaugnay na impormasyon

- Multicultural and Anti-Racism Grant
- Alberta's Anti-Racism Action Plan

## Multimedia

- Panoorin ang balitang pagpupulong

## Mga katanungan sa media

### Garrett Koehler

780-554-5777
Kaliham ng Press, Kalakalan, Imigrasyon at Multikulturalismo

Classification: Public